1

Dalawang guhit ang rumehistro sa kapirasong papel. Ikinurap-kurap ni Camille ang mga mata saka dumukwang para lalong sipatin ang mga guhit na iyon. Siguro ay naduduling lang siya dulot ng masyadong tensyon.

Pero hindi nagbago ang bilang ng guhit na nakamarka.

Napasandal siya sa dingding ng banyo. Nanuot sa likod niya ang lamig ng tiles pero hindi niya iyon pansin. Magulong-magulo ang takbo ng utak niya. Hindi naman siya langó sa alak o droga para mag-ilusyon nang ganoon. At kanino siya tatakbo ngayon?

Ulila na siya. Inisip noon ni Camille na magkakaroon na ng bagong pamilya sa pamamagitan ng pagpapakasal sa kasintahan. Pero dalawang buwan na ang nakakaraan mula nang maunsiyami ang mga balak na iyon. Wala siyang ideya kung nasaan na ang ex-boyfriend niyang kulang na lamang ay ipangako sa kanya ang langit at bituin. Pagkatapos pagtataksilan lang pala siya.

Unti-unti na niyang natanggap ang nangyaring

iyon. Ni hindi niya pinahintulutan ang sarili na mag-aksaya ng luha sa walang-kuwentang lalaking iyon. Natuto siyang mamuhay mag-isa at sinentro na lang ang buhay sa pagtatrabaho.

Mapait siyang napangiti. If only, she thought. If only she still had a job.

Dalawang linggo na mula nang tinanggap nilang magkakasamahan sa opisina ang halagang inilaan ng kompanya sa kagaya nila. Malaki-laki rin iyon dahil limang taon siyang regular employee ng kompanya. Pero kapag lumipas ang mga araw na hindi siya nakakita ng trabaho, siguradong mauubos din iyon.

Nagdeklara ng bankruptcy ang may-aring Intsik—bagay na hindi nila pinaniwalaan. Malamang ay natakot na lang itong mamalagi sa Pilipinas dahil ang isang pamangkin ay nabiktima ng kidnap-for-ransom syndicate at pinatubos ng fifty million pesos.

Ibinenta na nito ang kompanya sa mas malaking kompanya. At wala namang balak ang nakabili na i-absorb sila. Kung gusto nila ay puwede silang mag-apply, pero ibabalik sila sa pagiging casual employee kung matatanggap. Iyon ay kung tatanggapin nga sila.

Ulila. Walang trabaho. At ngayon ay nagdadalang-

tao pa si Camille.

Gusto niyang umiyak pero may bahagi ng utak niyang pumigil sa kanya. Sa sitwasyon niya ngayon ay hindi pag-iyak ang nararapat na gawin.

Kailangang isipin niya kung paano haharapin ang problema.

Napapitlag siya nang marinig ang pagtunog ng telepono. Mabigat ang mga hakbang, tinawid niya ang distansya ng banyo at sala.

"Hello?" matamlay na sagot niya.

"Camille?" anang nasa kabilang linya. Si Marnie, best friend niya at department head sa manufacturing firm na pinapasukan nito. "Mabuti naman at na-contact na kita. Kanina ko pa dina-dial ang number mo—"

"Pasensiya ka na. Lumabas kasi ako," putol niya rito. Mabilis itong magsalita at kung hindi niya sisingitan ay hindi na siya makakapagsalita.

"Yeah. Iyon nga ang nasa isip ko. Alam ko namang hindi ka tumitigil sa paghahanap ng trabaho. Listen, mayroong opening sa—"

"Buntis ako, Marnie," walang-gatol na pahayag niya.

"Okay," anitong tila hindi inintindi ang binanggit niya. "Anyway, may job opening – wait! Ano na nga ang sinabi mo? Buntis ka?"

"Marnie," napapailing na lamang na sabi niya. "Sinong manager ang tatanggap sa akin sa kalagayan kong ito? Single nga ako pero—"

"Wait!" tili nito. "Huwag kang aalis, okay? Pupuntahan kita."

Hindi man lang siya nakapiyok ay naputol na nito ang linya.

———————

"Is this accurate?" tanong ni Marnie habang inuusisa ang strip ng biosign kit na ginamit niya.

"Nakalagay sa pakete, ninety-nine percent accurate. Besides, ilang umaga na akong hilong-hilo at nagsusuka. Two months na ring delayed ang period ko. Ngayon lang nangyari 'yon."

"Okay," sabi nito at tumabi ng upo sa kanya. "Now, bakit hindi mo tawagan si Kenneth? Tell him he left you a souvenir."

"I can't. Wala namang nangyari sa amin ni Kenneth."

Namilog ang mga mata ni Marnie. “Camille?” anitong hindi makapaniwala. Nang hindi na siya kumibo man lang ay napakumpas ang kaibigan. “All right, pwede mo bang ipagkatiwala sa akin kung sino ang ama niyan?”

Isang malungkot na iling ang itinugon niya.

“Camille!” Eksaherado ang hilakbot sa tinig ni Marnie. “Ipaglihim mo pa ba sa ‘kin iyon? Ang akala ko’y magkaibigan tayo,” puno ng hinanakit na saad pa nito.

“Marnie,” malumanay na sabi niya. “Ang ibig kong sabihin…” Bumuntong-hininga muna siya bago napailing muli. “Hindi ko alam kung sino ang ama ng baby ko. Hindi ko kilala ang lalaking iyon.”

Nanlaki ang mga mata ni Marnie. Nasa anyo nitong hindi makapaniwala sa narinig. “Nagbibiro ka lang?”

“Sana nga biro lang.” At napahikbi na siya.

Matagal ang mga sandaling tanging hikbi niya ang pumuno sa sala ng apartment. Walang-kibong hinagod nito ang likod niya. Wala pa ring kibong tumindig ito para ikuha siya ng tubig.

“Wala ka bang kahit na anong ideya kung sino

ang lalaking iyon?" mayamaya ay pagbasag nito sa katahimikan.

"Natatandaan ko ang mukha niya," aniya at sa isip ay pilit inalala kung ano pa ang ibang bagay na maaaring pagkilanlan niya sa lalaki.

Funny, pero maski ang pangalan nito ay hindi niya maalala. Alam niyang nagbanggit ito nang nagpakilanlan sila pero tila blangko ngayon ang isip ni Camille sa impormasyong iyon.

Paano pa nga ba niya iyon tatandaan gayong lasing siya noon?

Ni hindi siya interesadong pakinggan ang sinasabi ng lalaki. Ang nasa isip niya noon ay inumin ang lahat ng kaya niyang inumin para kahit pansamantala ay makalimutan ang sama ng loob…

———————

Hindi makapagdesisyon si Camille. Tinitigan niya ang telepono sa harap niya. Ida-dial ba niya ulit ang numero ni Kenneth o hindi?

Katatawag lang niya at halos pagbabaan siya nito ng telepono. Busy raw ito at nira-rush ang trabaho kaya hindi maaaring kausapin nang matagal.

Isang mabilis na paghinga ang pinakawalan

niya at nagsimulang mag-dial. Maano ba kung mag-usap man sila kahit madalian? Mag-boyfriend sila at nagkasundo na ngang magpakasal.

Tiwala siyang hindi naman siya nito pagbabagsakan ng telepono. Besides, sino ba ang dapat na kausapin niya gayong kay Kenneth din lang naman umiikot ang mundo niya?

Pabuntong-hiningang ibinaba ni Camille ang telepono nang pulos busy tone ang narinig niya. Tumayo na siya at nagbihis saka kinuha ang bag. Mabilis siyang nagpasya.

Pupuntahan na lang niya si Kenneth.

Pumara siya ng taxi at nagpahatid sa condo nito. Sigurado siyang nandoon ang lalaki dahil sa condo rin naman ito nagtatrabaho. Painter si Kenneth at ang isang bahagi ng condo ang siyang studio nito.

His forte was nude painting. Tanggap na niya iyon nang walang-personalan. Karamihan sa mga modelo ay may-kaya at nagpapapinta nang nakahubad para sa private collection nila. Nakakahigit ang bilang ng nasa kabataan pa ang edad. Mga nagnanais daw ng artistic souvenir ng kabataan nila.

Ang iba ay nakikilala niya, lalo at grupo ng mga artists ang nagpipinta rito para makuha ang iba't

ibang anggulo. Ang iba naman ay one-on-one. Mas gusto ni Kenneth ang ganoon.

Ginagawa ang painting session sa privacy ng studio nito at mas mahal ang bayad, siyempre pa.

Kulang na lang ay sabihin ni Camille sa driver ng taxi na paliparin ang kotse. Gustong-gusto na niyang makarating sa condo ni Kenneth. Gaano man ito ka-busy ay kukulitin niya para lumabas sila.

It had been a month since their last dinner date. Noon din nila napag-usapan ang tungkol sa kasal. Nang banggitin ni Kenneth ang tungkol doon ay kagyat na siyang pumayag.

Humihigit na sa dalawang taon silang mag-steady at wala naman silang malalaking differences.

But lately ay bihira silang magkita. Ayon kay Kenneth, sinisipagan nito ang pagpipinta para mas malaki ang maipon nila para pampakasal. Sinalungat niya iyon dahil simpleng kasal lang naman ang gusto niya.

Ulila na si Camille at wala namang malalapit na kamag-anak na iimbitahin. Ang mga kamag-anak niya ay nasa Mindanao at hindi rin naman niya masyadong ka-close.

Sa parte niya ay si Marnie lang at pamilya ng isang tiyahin ang tiyak na imbitado.

Pero mapilit si Kenneth. Kailangan daw maging maganda ang kanilang kasal. May kalakihan umano ang pamilya nito at iimbitahan pa ang lahat ng miyembro ng asosasyon ng mga pintor na kinapipisanan nito.

Hindi na siya nakipagtalo. Kahit na nga ba maliban sa isang kapatid nito at biyudang ina ay wala pa siyang nakikilalang ibang miyembro ng pamilya nito.

Minsan pa lang siya nakatuntong sa bahay ng mama nito sa Paranaque. Maayos naman ang pakita sa kanya ng ina nito at kapatid na babae, pero dama niyang tila may pader na iniharang ang mga ito sa pagitan nila.

Gayunman, hindi siya nagpaapekto sa umano ay masyadong civil na turing sa kanya ng mga ito.

“Mama, diyan sa Sunrise Tower,” sabi niya sa driver nang matanaw ang condo tower na tinitirahan ni Kenneth. Mabilis niyang iniabot ang bayad at nang hustong inihinto ng driver ang sasakyan ay ibinukas na niya ang pinto at bumaba.

Habang naghihintay ng pagbaba ng elevator ay

sinilip niya ang bag. Tiniyak na naroon ang sobre na naglalaman ng gift certificate at ten thousand cash.

Na-claim na niya ang napanalunan sa raffle ng isang credit card company na in-apply-an niya. Ten thousand cash, fifteen thousand worth of shopping at may gift certificate pang dinner for two sa isang restaurant ng five-star hotel.

Ang ten thousand ay balak niyang ideposito sa account ni Kenneth. Gusto nito na magbukas sila ng joint account para doon ipasok ang perang pampakasal nila.

Ngunit si Camille na ang nagpilit na roon na lamang sa account nito ipasok ang pera kaysa mag-open pa ng panibago. Mas lamang naman kasi ang perang ipinasok nito kaysa sa kanya at mas masinop pa sa pera.

Paglabas ng elevator ay kinuha na niya mula sa bag ang deposit slip at gift certificate. Excited siyang makapag-ambag ng malaki-laking halaga sa ipon nila. Si Kenneth ay may fifty thousand nang naipapasok doon samantalang siya ay iyong ten thousand pa lang na hawak ang maiaambag.

Hinagod niya ng tingin ang sarili. Isang versatile black dress ang suot niya na pinarisan ng stilleto

sandals. Paboritong damit iyon ni Kenneth. At nakakatawag-pansin din ang lipstick niyang bright red. Tiyak niyang mapapapayag ang boyfriend na gamitin nila ang gift certificate.

Gamit ang susi na ipinagkatiwala sa kanya ni Kenneth ay binuksan niya ang condo nito. Maselan ito sa studio nito at walang nakakapasok doon nang walang pahintulot.

Napangiti siya nang mabuksan ang pinto. Sa isang sulok ng condo ay nakaipon ang ilang gamit pang-kusina na nakakahon pa. Sila ang bumili niyon. Paisa-isang item bilang paghahanda na rin sa buhay may-asawa na papasukin nila.

Maingat ang paghakbang niya papasok. Gusto niyang sorpresahin ito sa pagdating niya. Buong-buo pa ang premyong dala niya.

Sindya niyang huwag munang bawasan iyon para maipamili nila ng iba pang gamit. Plano niyang isama ito sa pamimili para mag-akma ang mga panlasa nila.

Mayroon naman sana silang kanya-kanyang gamit, pero mapilit itong mamili ng bagong kasangkapang ipapanhik sa malaking bahay na lilipatan nila. Ang mga lumang kasangkapan ay ibibigay na lang daw sa nakababatang kapatid nito.

Sa pananaw ni Camille ay impractical iyon pero hindi na rin siya kumibo. Ang lalaki naman ang mas malaki ang nai-contribute sa preparasyong iyon.

Humakbang siya patungo sa silid nito. Nakadama siya ng pagkaasiwa paglapit sa pinto. Sa ilang beses na pumasok siya roon ay lagi silang nagkakaroon ng pagtatalo ni Kenneth.

Naroroon ang TV at CD player. Doon sila nagpapalipas ng oras sa panonood na eventually ay nauuwi sa palitan ng mga halik. She allowed him a few hugs and kisses pero palaging nananaig ang isip niya kaysa sa tawag ng katawan.

Hindi siya naniniwala sa pre-marital sex. Ang katuwiran niya ay maaari namang maghintay.

Kailanman ay hindi binili ni Kenneth ang katuwiran niyang iyon. Bagaman nagtalo sila, nagpasalamat siyang hindi siya pinilit ng nobyo.

Marahan siyang kumatok at naghintay. Nang walang tugon mula sa loob ay nagpasya na siyang pihitin iyon. Hindi naman nakakandado kaya nabuksan niya.

Walang tao.

Nagkibit-balikat siya at pumihit ng hakbang.

Wala ring palatandaan na may tao sa banyo kaya naisip niyang nasa studio ito at nakasubsob nga marahil sa pagpipinta.

Nasulyapan niya ang telepono. Naka-hang. Napailing si Camille. Marahil ay ayaw nga nitong maabala sa ginagawa.

Malapit na siya sa pinto ng studio nang tumigil sa paghakbang. Kinuha niya sa bag ang pabango at nagwisik. Si Kenneth ang may regalo niyon at ginagamit lang niya kapag sila ang magkasama sa pupuntahan. Tinitipid niya dahil nadiskubre niyang sa *Rustan's* lang iyon nabibili at napakamahal pala.

Napangiti si Camille. Plano niyang maamoy muna nito ang pabango, saka yayakapin mula sa likuran at hahalikan sa batok. Gaano man ito kaabala ay nakakatiyak siyang hindi ito magagalit sa pagdating niya nang walang-abiso.

Nakangiting pinihit niya ang doorknob. Ganoon na lamang ang pagsinghap na tumakas sa kanyang bibig sa nakita roon.

Tumambad sa mga mata niya ang bultong likod ng boyfriend. Hubad na hubad ito maliban sa briefs na nakabitin pa sa isang alak-alakan. Sa magkabilang banda ng baywang nito ay nakaangkla

ang magkabiyak na binti ng isang babae. Her hair was tangled at mahirap ipaliwanag ang ekspresyon ng mukha. Ang mga kamay ay nakadakot sa likod ni Kenneth.

Ilang sandali ring nanatili si Camille na nakatayo roon. Shock and disbelief were written all over her face. Sa malas ay tila walang-kamalayan ang pareha na may nakamasid sa ginagawa nila. Their bodies were moving in wild animal abandon.

At napuno ang kuwarto ng mga ungol ng dalawang nagtatalik. Bumaligtad ang sikmura ni Camille.

Marahas siyang napahinga. Ganoon na lang ang pagsulak ng dugo sa ulo niya. Ubod-lakas niyang sinipa ang isang lata ng pintura sa may paanan niya. Carpeted ang sahig pero nakalikha pa rin iyon ng ingay dahil tumama sa bakal na paa ng isang silyang naroroon.

Tila nakakita ang mga ito ng multo. Parehong nanigas at ni hindi nagawang maghagilap ng maipantatakip sa mga kahubdan.

“C-C-Camille...” Sa tingin niya ay nanginig ang mga labi ni Kenneth nang usalin ang pangalan niya.

Isang mapait na ngiti ang sumilay sa mga labi

niya. “Napakawalanghiya mo.” Mahinang-mahina ang tinig niya pero alam niyang nakarating iyon sa pandinig ni Kenneth dahil nagbago ang ekspresyon sa mukha nito. Bumuka ang mga labi nito na tila magpapaliwanag pero wala man lang pantig na lumabas doon.

Mabilis siyang umiling. Tila buhawi na tumalikod siya. Kung magagawa lang sana niyang lisanin ang building na iyon sa isang kisap-mata ay ginawa na niya.

Solo niya ang elevator. Hapung-hapo ang pakiramdam niya nang isandal ang likod sa dingding niiyon. Nakita niya ang sariling repleksyon sa makintab na steel wall.

Hindi siya makapaniwalang sarili nga niya ang nakita roon. Nothing was changed physically. Ngunit hindi makapagkaila ang mga mata niya. Naroroon ang halu-halong emosyon. Hurt, betrayal, disbelief, shock.

Mariin siyang napapikit at bahagya pang nagulat nang bumukas na ang pinto.

Lobby na.

May ilang naghihintay na umibis siya. Mabibigat ang paa niya pero humakbang siya para hindi na

makagawa pa ng eksena sa harap ng mga ito.

Lumabas siyang hindi man lang naisip kung saan pupunta. Hindi na niya hinintay na sundan siya ni Kenneth. Sa hitsura nito ay malabo iyon.

Napatitig siya sa mga taxi na nagmemenor sa harap niya. Isa man ay wala siyang pinapara. She moved her eyes heavenward. Namamasa ang mga mata niya. Hindi niya gustong umiyak sa gitna ng kalye.

Diniinan niya ang sulok ng mga mata. Hindi siya iiyak.

Hindi.

2

"Oops! Sorry!"

Kusang lumabas sa mga labi ni Camille ang mga katagang iyon nang pagpihit niya ay may nakabunggo siya. Humakbang siya patungo sa buffet table.

"It's all right," anang tinig na nagpalingon sa kanya.

Lalaki pala ang nakabunggo niya. Hamak ang pagkakadaiti nila kanina pero hindi niya napansin iyon.

But this time she took note of his masculine, woody scent. Palihis ba sa kanya ang simoy ng hangin kanina kaya hindi niya napansin iyon?

Gumalaw ang mga labi ng lalaki. Puwedeng i-register na lethal weapon ang ngiti na iyon. Without thinking, gumanti rin siya ng ngiti.

Nagtaka si Camille sa dali ng pagsilay ng ngiti na iyon. Kanina lamang ay sunod-sunod ang paghugot niya ng malalim na hininga para lang mapakalma ang sarili.

Lihim siyang napailing. *Gaga! Ni huwag mong*

pag-aksayahan ng panahon isipin ang lalaking 'yon! kastigo niya sa sarili. Nagtuloy siya sa hotel na ito para pakinabangan ang premyo niya, hindi para magluksa dahil sa kataksilan ng nobyo.

Gusto niyang patunayan na kaya niyang dalhin ang sarili sa kabila ng nangyari. Hindi siya magmumukmok na lang sa isang tabi.

Kaya nga nang sandaling tumuntong siya sa lugar na iyon ay ipinangako niya sa sariling walang sinumang makakaalam sa sakit ng kaloobang dinanas niya. Iisa ang pakay niya. Ang magsaya para makalimot.

"Hindi maganda ang puwesto ng mesang nakuha mo." Naagaw ng tinig nito ang pag-iisiip niya. "Madali kang mabubunggo ng mga dumadaan."

"Kagaya nang nangyari sa atin?" Marahan siyang napatawa.

"May I offer you my table?" alok nito. "Mukhang nag-iisa ka kagaya ko." Hinagod siya nito ng tingin.

Lumunok siya pero ang ngiti ay nanatili sa mga labi. "Why not?" tugon niya.

"I'm Matthew Montecillo," pakilala nito sa sarili.

"Camille here." Ngumiti siya at inabot ang kamay

nitong nakalahad sa kanya.

" 'Here'? What a strange surname," may kaaliwang komento nito.

"Kikilitiin mo ako kung nagpapatawa ka, ha!" pabirong sabi niya. "Actually, it's Camille Cruz."

Hanggang sa makaabot sa buffet table ay hindi na siya nito hiniwalayan. Politely, he even suggested which food to choose na sinunod naman niya.

"Want some wine?" tanong nito nang makagaling na sila sa buffet table.

Pinaunlakan na nga niya ang alok nitong lumipat ng mesa. Hindi siya nagsisi dahil tunay na ideal ang mesang inookupa nito. May privacy pero tanaw nila ang paligid.

"I'm not an expert. Hindi ko alam anong klase ng inumin ang babagay rito sa pagkain ko," game namang sagot niya.

Napatango ito at sinenyasan ang waiter. Mayamaya pa ay sinilbihan na sila ayon sa order nito.

"Masarap," aniya nang sumimsim. Her throat tingled pero hindi niya pinansin. Sa halip ay dinala niyang muli sa mga labi ang baso at nilakihan pa ang lagok.

"Easy..." tila amused namang saway nito habang nakatingin sa kanya. Naubos na nito ang pagkain na marahil ay minadali para maituon ang iba pang oras sa pagmamasid sa kanya.

"Bottoms up!" aniya na muntik pang mapadighay. Gumuhit ang kirot sa ulo niya. Saglit na ipinikit niya ang mga mata. Alam niyang epekto iyon ng alak dahil hindi naman siya sanay na uminom.

Nasundan pa ang pag-inom niyang iyon hanggang sa mamalayan na lamang niyang tila malabo na ang tingin niya sa paligid.

"Kailangang umuwi na ako," pahumal na sabi niya habang hinahagilap ang bag. "Nasaan ba ang manager? It's about time to show them that I'm not paying." Tumingin siya sa kaharap at tumawa. Pagkatapos ay kinuha niya ang gift certificate at iwinagayway pa iyon. "I just won this dinner."

"Save that," sabi naman nito at hinawakan ang kamay niya. "This one's on me."

Umiling si Camille at halatang apektado na ng alkohol na kumarga sa katawan niya. "Treat mo? Suwerte naman. Akala ko'y malas ang gabing ito." May bakas ng pait ang tono niya.

"Come on, lady, let's get out of here."

Nang inalalayan siya nitong tumayo ay nagpaubaya siya. Sumunod lamang ang hakbang niya sa direksiyon ng mga paa nito. Dinala siya nito sa isang naghihintay na kotse.

“Ihahatid mo ako?” lasing na sabi niya. “Great!” tatawa-tawa pang sabi niya sa sarili bago sumandal at pumikit.

“Now, where to?” untag nito.

“Saan nga ba?” Bahagya siyang dumilat. Kumilos siya para dukwangin pa ang lalaking nakaupo na sa harap ng manibela. “Ano na nga ang karaniwang sinasabi? Your place or mine?”

Gumalaw ang lalamunan ng lalaki. Hindi niya alam kung ano ang palagay nito sa kanya.

Wala siyang pakialam anuman ang isipin nito. Isipin mang easy lay siya o umaasta lang nang ganoon sa sobrang kalasingan. Basta nga lumabas na lamang ang mga salitang iyon sa kanyang bibig.

“Number 69 Paradise Street,” saad niya nang umusad na ang kotse. Dama niya ang tumitinding hilo kaya isinandig ni Camille ang ulo.

———————

May kirot pang sumisigid sa ulo ni Camille nang

magising. Hubad siya sa ilalim ng kumot pero hindi niya maisip kung bakit. She was disoriented.

Ilang sandali pang iginala niya ang paningin bago panlakihan ng mga mata. Maliban sa estranghero ang lugar ay estranghero rin ang katabi niya sa kama. Mahimbing itong natutulog at nakadagan pa ang isang binti sa hita niya.

Oh, my God! hiyaw ng isip niya pero ni katiting na tunog ay walang lumabas sa kanyang bibig.

Anhin na lamang niyang lundagin ang kama para makaalis doon. Pero ayaw niya ng komprontasyon. Maingat pero mabilis ang kilos niya sa paghagilap ng mga damit. She dressed in record time. Bitbit ang bag at sandals ay lumabas siya ng silid.

Condo unit.

Tiyak niyang hindi iyon ang unit ni Kenneth dahil napakalaki ng pagkakaiba nito. Bakas sa bawat gamit ang karangyaan. The masculine interior had a touch of classic elegance.

“Oh, my God!” pahikbing usal niya nang maging ganap ang realisasyon.

Kung noong isang araw na nilisan niya ang condo ni Kenneth ay wala siya sa sarili ay doble pa ngayon

ang nararamdaman niya. She couldn't believe it.

Paano niya nagawang ipagkaloob ang lahat-lahat sa isang estranghero?

Libong beses man siyang umiling ay alam niyang wala na siyang magagawa. Nangyari na. Pilit na lamang niyang kinukumbinsi ang sarili na isang masamang bangungot ang lahat.

———————

Bangungot nga ba? ani Camille sa sarili. Pero paano niya ipagpapatuloy ang ganoong ilusyon ngayong mayroong inosenteng pumipintig sa kanyang sinapupunan?

"Approved!" untag ni Marnie sa kanya habang hinahagod siya ng tingin.

Naka-business attire siya. Everything seemed right in its place maliban sa sapatos niyang sa baba ng takong ay halos flat na nga. Bago pa lamang niya natuklasang nagdadalang-tao siya, pero naroroon na agad ang protectiveness niya sa dinadala.

Wala pa siyang nabubuong plano, but an abortion was definitely out of the question. Nakatuon ngayon ang pansin niya sa paghahanap ng trabaho.

She was confident that her track record would

appeal to the employer. Buntis man siya ay wala na silang pakialam doon.

"May naalala na ako, Marnie," aniya nang nakasakay na sila sa kotse nito.

"What?"

"His name. Matthew something."

"Matthew?" ulit nito. "Wow! Don't tell me na Montecillo ang apelyido. That's my big boss's name." Puno ng kislap ng anticipation ang mga mata nito nang lingain siya.

Montecillo. Inulit niya iyon sa isip. It rung a bell pero hindi siya makatiyak.

3

Bagot na pinakinggan ni Matthew ang presentation ng isang manager. Regular meeting iyon ng mga key employees ng isa sa mga kompanyang pinamamahalaan niya. Lihim siyang nanalangin na puntuhin na ng manager ang gusto nitong puntuhin para matapos na ang meeting.

Ipinako niya ang tingin sa nagsasalita. Pero lumipad ang isip niya habang pinaikut-ikot ng manager ang diskusyon. He was over thirty. Successful businessman. His name alone connoted wealth ang power, pero dama niyang hindi lamang iyon ang makakapagbigay ng kasiyahan sa kanya.

Hanggang ngayon ay nanatiling mailap ang ninanasa niyang kaligahayan.

Kumudlit sa isip niya ang anyo ng isang babae.

Hell! asik niya sa sarili. hindi niya alam kung bakit sa nakalipas na mga linggo ay nanatiling sariwa sa kanyang memorya ang anyo ng babaeng iyon.

Inamin niya sa sariling nagugulo ang isip niya dahil sa isang Camille Cruz. Napailing siya at inulit pa sa isip ang pangalan ng babae.

Noong una ay napaglabanan pa niya ang tuksong ipahanap ito. Parang multo itong umaali-aligid sa sulok ng isip niya. Sa huli ay pinagana na rin niya ang pera para hanapin ito.

Pero dalawang linggo na ang nakaraan mula nang umupa siya ng private detective at hindi pa natutunton ang babae. Maliban sa pangalang ibinigay nito – ni hindi niya tiyak kung totoo ngang pangalan ng dalaga iyon – ay wala ng ibang leads.

Hindi rin niya sineryoso ang address na ibinigay nito. Pabiro lang itong inihayag ng dalaga.

Pilit na umagaw ng atensyon mula sa kasuluk-sulukang bahagi ng utak niya ang babaeng iyon.

Ni hindi siya sigurado kung anong klaseng babae ito. She may have been a virgin that night when he took her, pero nanatiling may pagdududa sa isip niya.

Sa katayuan niya at ng mga kompanya niya, hindi imposibleng may ibang tao sa likod nito na ginamit na bitag ang babae.

Isa kaya sa mga kakompetensya niya sa negosyo?

Or worse, baka mismong ang ama niya na si Don Anacleto Montecillo ang may kagagawan niyon.

Ipinagkaloob na sa kanya ni Don Anacleto ang

buong kapangyarihan ng kompanya pero nanatiling diktador ito sa buhay niya. Hindi na niya mabilang kung ilang beses itong nagpursigi na itulak siya sa pag-aasawa.

Napahinga siya. Kung sana ang pag-aasawa ay kasing-dali lamang ng pamimili ng damit na isusuot. Malinaw sa isip ni Matthew na ang pagpapamilya ay seryosong bagay. Higit na mas mabigat na responsibilidad ito kaysa pag-a-acquire ng mga kompanyang palalaguin.

That thought lingered. Na si Don Anacleto ang may kagagawan ng pagsulpot ng Camille na iyon sa buhay niya. The old man knew his weakness.

Petite, pretty and innocent-looking. That was Camille. Kung nag-flirt man ito nang gabing iyon ay dala na lamang siguro ng epekto ng alak. Halatang hindi ito sanay na uminom – at natuklasan niyang hindi rin sanay ang mga labi nito sa pagganti sa mga halik niya.

He wasn't sure who seduced whom. Inisip niyang nagbibiro lamang ito nang sabihin ang address. Siya ang nagpasyang iuwi ito sa unit niya.

Buong biyaheng tulog ang babae. Manaka-naka ay sinusulyapan niya ang anyo nito. Blessing in disguise

kayang matuturing ang last minute cancellation ng meeting niya sa isang business acquaintance? Paalis na dapat siya pero nagdesisyong naroon na rin lang ay roon na maghapunan. Noon niya nakabunggo ang babae.

Maging nang ihinto niya ang sasakyan sa basement ay nanatili itong tulog. Hindi na niya ginising at sa halip ay binuhat na lamang niya.

Iyon ang naging pagkakamali niya. The moment he touched her, her sweet feminine scent lingered on his senses. Idagdag pa ang lambot at init ng katawan nitong nakadaiti sa kanya. Nang ibaba niya ito sa sofa ay bahagya itong naalimpungatan.

"Masakit ang ulo ko," sabi nito.

"Gusto mong magkape?" alok niya.

"Why don't you offer me a bed instead? Mas susunggaban ko iyon," sabi nito at muling pumikit. *Ang ngiting nakakintal sa mga labi nito ay tila isang tukso.*

That was the final straw. He took that as an invitation at walang pangalawang salitang pinangko niya ito at dinala sa silid niya. He started kissing her. Sa una ay tila hindi nito alam ang gagawin pero nang kinalaunan ay tumugon na rin. Tila nagliyab ang katawan niya sa init ng tugon nito.

Hindi niya gawain iyon – na magdala ng di-kilalang mga babae sa condo niya. Hindi rin niya maintindihan kung ano sa babaeng iyon ang nakaakit sa kanya hanggang sa hindi na niya napanlaban ang tuksong angkinin ito. Tila pulut-pukyutan sa panlasa niya ang mga halik nito, nakakalasing kahit halatang wala pang gaanong karanasan. Inagos siya ng daluyong ng pagnanasa, ni hindi na niya naisip na proteksyunan iyon sa mga maaaring mabuo dulot ng kanilang pagtatalik.

Nagising si Matthew kinabukasan na tila nakapagkit pa sa utak niya ang nagdaang gabi. Awtomatikong kinapa ng kamay niya ang babaeng iniisip niyang katabi pa niya. Gaano na lang ang panghihinayang at pagtatakang bumadha sa mukha niya nang matanto niyang mag-isa na siya.

Saan mang panig ng condo ay hindi na niya ito natagpuan. Naghagilap man siya ay ni isang bagay na maaaring pagkakilanlan dito ay wala siyang nakita.

Ang kaisa-isa niyang pinanghawakan ay ang pangalang sinabi nito. Umasa siyang matutunton din ang babae bagaman nakadama na rin siya ng pagkainip sa kawalan ng linaw ng imbestigasyon.

She was a virgin, paalala ng isang bahagi ng utak niya. But then, halos lahat naman ng bagay ngayon

ay natatapatan ng pera. Ayaw niyang isipin kung magkano ang inialok ng ama para mapapayag ang babae. Pero pupusta siya na ang halagang iyon ay sapat nang buong buhay na sustentuhan ito.

Pero bakit gagawin iyon ni Don Anacleto? So the old man could trap him into marriage?

In his dreams! kagyat na tanggi niya. Hindi siya papayag na mabingwit nang ganoon.

"Sir, what do you think?"

Napapitlag si Matthew sa tinig ng katabi. Ang mga nakapalibot sa conference table ay naghihintay ng opinyon niya. Tumikhim siya at sinulyupan ang presentation slide na ipinapakita ng overhead projector. Iyon pa rin ang paksa mula kanina. Pinaligoy lamang ng speaker ang pagpapaliwanag.

"A bit old-fashioned," prangkang sabi niya na nagdulot ng tensyon sa mga naroroon. "However, I believe that it will show better results during the trial period. But we'll have to come up with alternative solutions in case walang dating sa market. Any suggestions?"

Tumagal pa nang halos kalahating oras ang meeting. Nang mag-adjourn iyon ay tumuloy na si Matthew sa kanyang silid. Dumaan siya sa connecting

door na nag-uugnay ng conference room at private office niya. Inabutan niyang may inilalapag na papeles si Beverly, his executive assistant, sa desk niya.

"Sir, Miss Marnie is waiting. May ie-endorse raw na aplikante. Nagdaan na sa personnel. Impressive raw ang resulta ng exams at interview."

"Okay. Send them in." Naupo na siya sa high-backed chair. Tumingala siya at diniinan ang sulok ng mga mata. Sumakit pa yata ang ulo niya sa nakakainip na meeting na iyon.

"Hello, Boss! Good morning." Napuno ang kuwarto ng masiglang tinig ni Marnie.

"Good morning," ganti niya at tumindig. Noon niya nahagip ng tingin ang kasama ni Marnie. Recognition flashed through like lightning. "Camille." Halos bulong na lamang ang umalpas sa lalamunan niya.

"Magkakilala kayo?" takang sabi ni Marnie habang nagpalipat-lipat ang tingin sa dalawa. Walang umamin o tumanggi. Parehong tila naumid.

Parang kay tagal ng katahimikang namayani. Nagkaroon lamang ng ingay nang tumunog ang intercom.

"Detective Perez on line two," anunsyo ng sekretarya.

Dinampot ni Matthew ang telepono pero nanatiling nakapako ang tingin kay Camille. "I'll call you later," mabilis niyang sabi at ibinaba na ang aparato.

"I think, there's still a need for proper introduction," sabi ni Marnie. "Camille Cruz, Matthew Montecillo."

"Good morning, Sir," magalang na bati ni Camille. Pilit nitong ikinubli ang nerbyos sa kiming pagngiti.

"Good morning, Sir?" pabiglang sabi niya. "Iyon lang ang sasabihin mo?"

"Wait!" naguguluhang agaw ni Marnie. "What's happening here?"

"Leave us alone, Marnie," utos ni Matthew. His voice was full of authority.

Napako sa kanya ang tingin ng babae. "Is that an order, Sir?" Malamig ang tono nito. "I think as Camille's friend, I would prefer to stay."

"Come on, Marnie." Pinalambot niya ang tinig. "Hindi ako nangangain ng tao. Leave us alone for a while. May lilinawin lang ako."

Napabuntong-hininga ito. “Okay.” At bumaling kay Camille. “Nandiyan lang ako sa kabilang kuwarto.”

———————

“Are you really Camille Cruz?” may pag-uuyam na tanong ng lalaki matapos siyang paupuin.

Tumigas ang anyo ni Camille. Nang pumasok sila ni Marnie sa silid nito ay hindi niya inaasahang ang ama ng sanggol na dinadala niya ang makakaharap niya. Sa iilang minuto ay namayani na ang tensyon at takot sa katawan niya.

Hindi niya alam kung bakit ganoon ang nadama niya. Unexpected ang pagtatagpo nila, pero trabaho ang dahilan kaya naririto siya. Hindi sila naghaharap ngayon bilang dating mga nagtalik kundi bilang employer at potential employee. Hindi kailangang magkapersonalan.

Isang malalim na paghinga ang pinakawalan niya.

“I *am* Camille Cruz.” Buo ang kumpiyansa sa tinig niya. Natutok ang isip sa kung paanong makukuha ang trabaho.

“And you really live at Number 69 Paradise

Street?" he mocked.

Inabot niya rito ang folder na hawak. "That's true, Sir. My past work experience, academic record and other information are all included there."

Hindi man lang inabala ni Matthew ang sarili na buklatin iyon. Ibinaba lang iyon sa mesa at muli siyang tiningnan.

"Do you remember that night?" walang-abog na tanong nito na halos magpagimbal sa kanya.

Saglit lamang niya pinayagan ang sarili na mayanig. Ayaw na sana niyang magkapersonalan sila, pero mukhang hindi papayag ang lalaki. Mabilis siyang bumawi ng composure at direkta ang tingin na sumagot.

"May sandaling pinaniwala ko ang sarili ko that it was just a nightmare that I could conveniently forget. May ilang araw ring binulag ko ang sarili ko sa paniniwalang iyon. Pero ngayon ay hindi na madaling gawin iyon."

"Ang why?" tila nananantyang sabi nito.

"I'm pregnant."

Katahimikan.

Ilang segundo ring naghari ang katahimikang iyon. Nagtagpo ang kanilang mga mata at tila roon nasukat ang katotohanan sa idineklara niya.

"And you came here to claim that I'm the father?"

His tone was pure intimidation pero walang balak si Camille na magpaapekto. "My purpose in coming here was to apply for a job. Meeting you face to face was totally unexpected. But since I'm already here, hindi ko na sasayangin ang pagkakataon. I'm not claiming. The baby *is* yours."

Napasipol ito. "Nagbibiro ka ba?"

"Walang dahilan para magbiro ako."

"And you expect me to believe you?" Bumalik ang gaspang sa tinig ni Matthew.

Napadukwang siya rito. "I'm not asking you to believe me. Nagsasabi lang ako ng totoo. Whether you believe it or not is up to you."

"At sa lagay, hinahamon mo pa ako?" puno ng pag-uyam na sabi nito. "You can just forget whatever plans you have, sweetheart, I'm not that gullible."

Paismid siyang tumindig. "For your information, pumunta ako ritong walang definite na plano para sa bata. But now, salamat sa iyo, nakapagdesisyon

na ako. Hindi ko papayagang kilalanin kang ama ng anak ko. Dahil wala ka palang kuwenta," puno ng pag-iinsultong sabi niya.

Parang hindi man lang natigatig ang lalaki. Tumindig din ito at nakipagtagisan ng tingin.

"Say anything you want but no one, not even you, is going to trap me into marriage. Bakit hindi mo na lang sabihin kung sino ang nag-utos sa iyong gawin ito? Mas magkakasundo pa tayo. O dapat ko pa bang tapatan ang presyo niya? Name your price."

"Damn you!" sigaw niya at nasumpungan na lamang niyang dumapo sa pisngi nito ang palad niya.

Dumilim ang anyo nito. Napatda siya. May ilang sandaling kinatakutan ni Camille ang magiging sukli ng pagsampal niya rito.

His face was tensed and his expression was overpowering. Ang bahagyang pagkibot ng mga facial muscles nito ay nagdulot ng kaba sa dibdib niya.

"Kasali ba sa kontrata mo na sampalin ako?" Tila dagundong ang tinig nito at humakbang para lumigid sa mesa. "I'll tell you something, lady. Ikaw pa lang ang taong nakapagbuhat ng kamay sa 'kin."

"Should I be honored?" patuyang saad niya pero

bakas din ang tensyon sa tinig niya. Mahigpit na kumapit ang isang kamay niya sa gilid ng mesa. Tila tinatambol ang dibdib niya sa labis na kaba. Dangkal na lamang ang distansya sa pagitan nila.

Ni singhap ay hindi nagawang makaalpas sa lalamunan ni Camille nang saklitin siya nito sa baywang. Ang mga labi nito ay kagyat nang naidiin sa mga labi niya. The kiss was hard and demanding. Tila ibinuhos nito sa diin ng paghalik ang galit.

Kung nagdugo man ang labi niya sa mga sandaling iyon ay hindi na niya ipagtataka. Waring iyon ang tunay na layunin ni Matthew – ang parusahan siya sa pamamagitan ng halik. Dahil hindi nito magawang gantihan siya sa pisikal na paraan.

Handa na siyang malasahan ang dugo sa mga labi niya. Saka naman nagbago ang mga galaw nito. The kiss became a soft and gentle caress. His tongue moved on her lips as if soothing the pain he inflicted there.

Instinctively, she started to respond. Pikit-matang gumanti siya sa halik nito.

Walang-katuwiran sa paggalaw niya except for the raw desire that ruled her senses.

Nagsimulang gumalaw ang mga kamay ni

Matthew sa likod ng kanyang baywang. Mainit na humagod ang isa pataas sa kanyang likod habang ang isa ay nangahas namang dumama sa isang umbok ng kanyang dibdib, pinisil iyon bago siya tuluyang pinakawalan.

"Now you may consider yourself honored," pauyam na sabi nito na ikinaawang ng mga labi niya. Nasa mga mata nito ang lalo pang pag-insulto.

Namula ang buong mukha niya. Inisip marahil ng lalaking ito na napakadali niyang bumigay.

Oh, God! she groaned to herself. Bakit ba niya nagawa pang gantihan ang mga halik nito?

"Before I leave," aniyang taas-noo nang makabawi sa pagkatigagal, "lilinawin ko lang, dahil mukhang ako pa ang sinisisi mo sa nangyari. Hindi kaya ikaw ang dapat sisihin? Ikaw ang nanamantala sa pagkalasing ko." Isang matalim na tingin ang ipinukol niya rito bago tuluyang umalis.